# PAGRESETA NG AKTIBONG SANGKAP: LAHAT NG KAILANGAN MONG MALAMAN

Binabago na ang makikitang impormasyon ng gamot sa iyong reseta mula sa iyong doktor. Ang pagbabago ay bahagi ng inisyatiba ng Pamahalaang Australya, at nangangahulugan na karamihan ng mga niresetang gamot na Pharmaceutical Benefits Scheme (PBS) (Sistema ng Benepisyo sa Gamot) at Repatriation PBS (RPBS) ay irereseta batay sa mga aktibong sangkap nito sa halip na kanilang tatak.

## Ano ang aktibong sangkap?

Ang mga aktibong sangkap ang dahilan kung bakit gumagana ang isang gamot. Ang pangalan ng tatak ay ang pangalan na ibinigay sa isang gamot ng nagmanupaktura nito.

Maraming mga gamot ay naglalaman ng parehong aktibong sangkap ngunit iba-iba ang mga pangalan ng tatak. Hindi ito nangyayari lamang sa mga gamot. Ang ating mga pamilihan ay punumpuno ng mga produkto na magkakapareho ang laman sa loob, ngunit magkakaiba ang mga pangalan ng tatak.

Dapat ipinapakita ng lahat ng mga gamot ang kanilang mga aktibong sangkap sa pakete o lalagyan nito. Ipinapakita rin ng pakete ng gamot kung gaano karaming aktibong sangkap ang nasa partikular na timpla. Ito ang tapang ng gamot. Ang ilang mga gamot ay maaaring may parehong pangalan ng tatak, ngunit iba-iba ang tapang ng aktibong sangkap, kaya maaari silang gamitin para sa iba't ibang mga kondisyon o ng mga tao sa iba't ibang mga grupo ng edad (halimbawa, mga sanggol, mga bagong-silang, mga matatanda).

Paminsan-minsan, ang isang gamot ay may higit sa isang aktibong sangkap. Kung gayon, ang pangalan ng bawat aktibong sangkap ay ipinapakita sa pakete at tarheta ng nagbebentang botika.

## Tungkol sa mga generic na gamot

Kapag ang isang kumpanya ng parmasyutiko ay bumuo ng isang bagong aktibong sangkap, bibigyan ito ng isang patent. Nangangahulugan ito na sa isang tagal ng panahon walang ibang kumpanya ang maaaring gumawa at magbenta ng gamot na naglalaman ng parehong aktibong sangkap.

Ang unang gamot na lumabas sa merkado ay tinatawag minsan na **pasimunong (originator)** tatak.

Sa sandaling mag-expire na ang patent, ang ibang mga kumpanya ay maaaring bumuo ng kanilang sariling mga bersyon ng gamot. Ito ay kilala bilang mga **generic na gamot**. Ang kanilang aktibong sangkap ay kapareho ng pasimunong tatak, ngunit ang mas bagong mga gamot ay ibinebenta sa ibang mga pangalan ng tatak-pangkalakal (trademark).

Dahil sa mga regulasyon sa trademark, ang pagpapakete ng mga generic na gamot at kung minsan ang tunay na gamot mismo (ang pildora, tableta, kapsula atbp.) ay ginagawang iba ang hitsura kaysa sa pasimunong tatak.

### Anong kaibhang maidudulot ng paggamit ng generic na gamot?

Lahat ng mga gamot na ipinagbibili sa Australya ay dapat aprubahan ng pamahalaan sa pamamagitan ng Therapeutic Goods Administration (TGA). Ipinag-uutos ng TGA na ang mga generic na gamot ay tumutugon sa parehong mahihigpit na pamantayan ng kalidad, kaligtasan at pagiging mabisa na tulad ng orihinal na tatak. Ang isang generic na gamot ay dapat ding nagpapakita ng ebidensya na gagana ito sa katawan sa parehong paraan tulad ng orihinal na tatak ng gamot. Tinatawag itong pagiging bioequivalent.

Kaya para sa karamihan ng mga gamot, magkapareho ang mga benepisyo at epekto ng orihinal at generic na mga bersyon ng aktibong sangkap na iyon.

Para sa mga mamimili, ang pangunahing pagkakaiba sa pagitan ng mga generic at may tatak na gamot ay malamang na ang halaga na kailangan nilang ibayad para sa gamot. Ang mga generic ay hindi gaanong mahal gawin, at nangangahulugan ito na kadalasan ay mas mura silang bilhin.

Maliban kung ang iyong propesyonal sa kalusugan ay nagreseta ng isang partikular na tatak ng gamot para sa iyo, nasa sa iyo kung gagamit ka ng isang generic o orihinal na tatak na gamot.

Maging maalam tungkol sa iyong pagpili ng gamot sa pamamagitan ng pagtalakay ng iyong mga pagpipilian sa iyong tagareseta o parmasyutiko.

# Ano ang pagreseta ng aktibong sangkap?

Ang mga reseta ng PBS at RPBS ay kailangan na ngayong may kasamang impormasyon tungkol sa mga aktibong sangkap sa bawat gamot. Ang paglagay ng mga aktibong sangkap sa mga reseta ay sapilitan mula ika-1 ng Pebrero 2021. Kung nais ding isama ng isang tagareseta ang pangalan ng tatak ng gamot, makikita ito pagkatapos ng impormasyon tungkol sa aktibong sangkap.

Sinusuportahan ng pinakahuling inisyatibang ito ang iba pang mga aktibidad ng pamahalaan na tumutulong na hikayatin ang pangkalahatang kamalayan tungkol sa mga aktibong sangkap, tulad ng inisyatiba ng TGA na gawing mas madaling hanapin at mabasa ang mga pangalan ng aktibong sangkap sa pakete ng gamot.

Ang ibig sabihin ng lahat ng mga aksyong ito ay magiging madali para sa iyo at sa iyong tagareseta o parmasyutiko na pag-usapan ang tungkol sa iyong mga pagpipilian para sa iba't ibang mga gamot na naglalaman ng pare-parehong aktibong sangkap. Maaari kang pumili ng isang generic o biosimilar na gamot, na maaaring mas mura kaysa sa isang gamot na may pangalan ng tatak.

Susuportahan din ng mga pagbabago ang higit na pagkakapare-pareho kung paano nakikita ng mga tao ang impormasyon ng mga gamot. Maaari itong humantong sa mas ligtas at mas naaangkop na paggamit ng mga gamot sa pamamagitan ng pagiging madali na:

- suriin kung umiinom ka ng parehong aktibong sangkap sa higit sa isang reseta ng gamot - upang maiwasan ang hindi sinasadyang pagkadoble ng dosis
- suriin na hindi ka umiinom ng aktibong sangkap kung saan may alerdyi ka
- suriin na ang aktibong sangkap ay maaaring inumin kasabay ng mga gamot na may iba pang aktibong sangkap
- alamin ang mga naaangkop na kahalili ng iyong karaniwang mga gamot kapag naglalakbay sa ibang bansa.

Minsan mahalagang magpatuloy sa parehong tatak ng gamot. Ang mga propesyonal sa kalusugan ay maaari pa ring magreseta ng partikular na tatak ng gamot kung sa palagay nila ay kinakailangan ito.

Ang ilang mga niresetang gamot ay mayroong higit sa isang aktibong sangkap, at lahat ng ito ay nakalista sa reseta (maliban sa ipinaliwanag sa ibaba).

Ang mga bagong regulasyon ay hindi nalalapat sa:

- mga resetang sinulat sa kamay
- mga nasa papel na tsart ng gamot sa sektor ng pangangalaga sa matatanda sa pasilidad
- mga gamot na naglalaman ng apat o higit pang mga aktibong sangkap
- mga gamot na hindi kasama (excluded) upang protektahan ang kaligtasan ng pasyente o kung saan hindi praktikal na magreseta ng gamot sa pamamagitan ng aktibong sangkap.

# Kailan dapat magpatuloy na uminom ng orihinal na tatak

Bagaman madalas kang makakatipid sa pagpili ng generic na gamot, ang ilang mga tao ay hindi dapat magbago ng mga tatak. Mayroon ding ilang mga sitwasyon kung saan maaaring magreseta ang iyong doktor ng isang partikular na tatak ng gamot dahil naniniwala sila na ito ang pinakamahusay na tutugon sa iyong mga klinikal na pangangailangan.

Kung magpasya ang iyong doktor na kinakailangan mong magpatuloy sa isang partikular na tatak, kailanganin nilang idagdag ang pangalan ng tatak at lagyan ng tsek ang kahon na 'Brand substitution not permitted' (Hindi pinapayagan ang paghalili sa tatak) sa iyong reseta.

# Iba pang mga sangkap sa mga gamot

Bukod pa sa aktibong sangkap, ang mga gamot ay naglalaman ng iba pang mga sangkap na kilala bilang hindi aktibong mga sangkap o mga excipient.

Ang aktibong sangkap ay mahalaga dahil ito ang kemikal na nagpapagana sa gamot, ngunit kailangan ang mga hindi aktibong sangkap bilang bahagi ng proseso ng pagmamanupaktura. Ang isang hindi aktibong sangkap ay maaaring isama:

- bilang pampuno kung ang dami ng aktibong sahog ay napakaliit
- upang patatagin ang aktibong sangkap para manatili itong mabisa nang mas matagal
- upang tumutong na masipsip ng katawan nang mas epektibo ang aktibong sangkap
- bilang binder upang magsama-sama ang lahat ng mga sangkap
- upang patamisin o magkaroon ng lasa ang gamot para mas madaling inumin
- upang mabalot ang mga tableta o kapsula para mas madaling lunukin.

Para sa karamihan ng mga tao, ang mga hindi aktibong sangkap ay hindi mahalaga. Gayunpaman, kung mayroon kang mga partikular na alerdyi o hindi kayang tanggapin ng iyong katawan, o pinili na iwasan ang ilang mga sangkap para sa mga kadahilanang pangkultura o medikal, maaaring kailangan mong malaman kung ano ang mga excipient sa iyong gamot. Ang mga sangkap tulad ng lactose, gluten, asukal, mga preserbatib at tina ay maaaring mahalaga sa iyo. Kung ito ang kaso, maging maalam sa gamot at alamin sa iyong parmasyutiko o doktor bago ka pumili ng ibang tatak ng gamot.

## Anong suporta ang makukuha ng mga tagareseta?

Upang matulungan ang mga reseta at parmasyutiko na magkaroon ng pinakabagong impormasyon tungkol sa mga bagong regulasyon at kung ano ang kahulugan nito para sa kanilang mga paggagamot (practice) at pasyente, ang Kagawaran ng Kalusugan ay nakipagtulungan Australian Commission on Safety and Quality in Health Care (Komisyon ng Australya sa Kaligtasan at Kalidad ng Pangagalagang Pangkalusugan) upang makabuo ng isang hanay ng mga suportang materyal. Ipinapaliwanag ng impormasyong ito kung kailan nais na isaalang-alang ng mga tagareseta ang paglalagay ng mga pangalan ng tatak sa mga reseta, at kung paano mapoprotektahan ng mga propesyonal sa kalusugan ang kaligtasan ng pasyente.

Naghanda rin ang Kagawaran ng Kalusugan ng impormasyon tungkol sa pagreseta ng aktibong sangkap, kasama ang isang papel-kaalaman para sa mga propesyonal sa kalusugan.

Ang NPS MedicineWise ay mayroon ding impormasyon para sa mga propesyonal sa kalusugan.

## Saan ko malalaman ang higit pa?

- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Pagreseta ng Aktibong Sangkap, ipadala ang iyong mga katanungan sa AIPrescribing@health.gov.au
- Maghanap ng impormasyon tungkol sa mga gamot sa pamamagitan ng aktibong sangkap o pangalan ng tatak gamit ang Medicine Finder.
- Para sa mga katanungan tungkol sa mga gamot na nireseta, mga gamot na hindi kailangan ng reseta at komplimentaryong mga gamot, kausapin ang isang propesyonal sa kalusugan sa pamamagitan ng **Medicines Line** (**1300 MEDICINE**)(**1300 633 424**).
- Subaybayan ang mga gamot at i-access ang mahalagang impormasyon sa kalusugan anumang oras at saanman, lalo na sa mga emerhensiya, gamit ang MedicineWise app.

**nps.org.au**

Level 7/418A Elizabeth Street Surry Hills NSW 2010
PO Box 1147 Strawberry Hills NSW 2012
02 8217 8700  02 9211 7578  @ info@nps.org.au

Independent, not-for-profit and evidence based, NPS MedicineWise enables better decisions about medicines, medical tests and other health technologies. This resource is funded by the Australian Government Department of Health. ABN 61 082 034 393 © 2021 NPS MedicineWise

Disclaimer: Reasonable care is taken to provide accurate information at the time of creation. This information is not intended as a substitute for medical advice and should not be exclusively relied on to manage or diagnose a medical condition. NPS MedicineWise disclaims all liability (including for negligence) for any loss, damage or injury resulting from reliance on or use of this information. Read our full disclaimer. NPS2368

NPS MEDICINEWISE